ALITUNTUNIN SA PAMAMALAKAD SA LUGAR NG TRABAHO

Ang Samahan ng Industriyang Pangkasuutan (Apparel Industry Partnership) ay nagbibigay pansin sa mga bagay na may kinalaman sa pag-alis ng mga pagawaang nangangailan ng matinding trabahong pisikal (sweatshops) sa Estados Unidos at sa ibayong bansa. Sa pamamagitan ng pag-susuri na ito, and Samahan ay bumalangkas ng mga sumusunod na hakbang para mabigyan ng wastong kahulugan ang desente at makataong pamamalakad sa trabaho. Ang Samahan ay naniniwala na ang mamimili ay magkakaroon ng tiwala na ang mga produktong ito ay ginanawa alinsunod sa mga alituntuning ito at hindi gawa sa pagsasamantala at hindi makataong pamamaraan.

Pamimilit Magtrabaho. Hindi maaaring gumamit ng dahas sa lugar ng trabaho, kahit na sa paraang trabahong preso, sa pagtatrabaho sa iba, nakabuklod o hindi.

Paggamit ng mga Bata sa Trabaho. Walang sinuman ang maaaring magtrabaho sa edad na mas-bata sa 15 taon (o 14 kapag pinapahintulutan ng batas ng bansang pagawaan[8]) o mas-bata pa sa gulang para maka kompleto ng kompulsaryong edukasyon sa bansang pagawaan kung saan ang edad ay lalabis sa 15.

Panlalait o Abuso. Ang bawat empleyado ay tratuhin ng may respeto at dangal. Walang empleyado ang maaaring mapasailalim ng anumang uri ng pisikal, seksual, sikolohiya o pananalitang panlalait o abuso.

Kawalan ng Diskriminasiyon. Walang tao ang maaring isailalim ng ano mang uri ng diskriminasyon sa trabaho, kasama na dito ang pag-upa sa tao, suweldo, benepisyo, pag-asenso, disiplina, pagkatanggal sa trabaho o pagretiro dahil lamang sa kasarian, lahi, relehiyon, edad, kapansanan, kasariang kinabibilangan, nasiyonalidad, opinyong politikal o panlipunang o etnolohiyang pinanggalingan.

Kalusugan at Pag-iingat. Ang pinaglilingkuran ay dapat magbigay ng walang panganib at kaaya-ayang kapaligiran sa trabaho para maiwasan ang aksidente at ikasasama ng kalusugan na nagmumula sa, o kakabit ng, o nangyayari habang nagtatrabaho, o sa resulta ng pamamahala ng pinaglilingkuran sa pagawaan.

Kalayaan sa Pakikisapi at Kolektibong Pakikipagtawaran. Ang mga pinaglilingkuran ay dapat kilalanin at respetuhin ang mga karapatan ng mga empleyado sa kalayaang makisapi at sumama sa kolektibong pakikipagtawaran.

Suweldo at Benepisyo. Kinikilala ng mga pinaglilingkuran na ang suweldo ay mahalaga para matustusan ang pangangailangan ng ng mga empleyado. Ang pinaglilingkuran ay dapat magbayad sa mga empleyado, sa hindi bababa sa sahod na ipinag-uutos ng batas lokal o ang umiiral na sahod sa industriya, kung ano man ang mas mataas dito, at magbigay sa naaayon sa batas ng mga benepisyo.

Oras ng Trabaho. Maliban lamang sa hindi pangkaraniwang uri ng pangangalakal, ang empleyado ay (i) hindi kailangang magtrabaho ng mas mahigit sa mas mabababa sa a) 48 na oras bawat linggo at labing dalawang oras na pagtatrabaho matapos ang lampas sa takdang oras o b)

[8] Ang lahat ng nabanggit na batas na lokal sa kalahatan ng Alituntuning ito ay kasama ang pagpapatutupad sa pag-uutos sang-ayon sa batas na lokal.

sa itinakdang palagian at lampas sa oras na alinsunod sa batas ng bansang pagawaan, kung saan ang batas ng bansa na hindi nagbibigay ng hangganan sa oras ng trabaho, ang palagiang lingguhang trabaho sa bansang iyon kasama na rito ang labingdalawang oras ng pagtatrabaho ng lampas sa oras at ii) karapatang magbakasyon ng hindi bababa sa isang araw sa bawat pitong araw an ipinasok.

Bayad sa Dagdag na Oras ng Trabaho. Bukod sa karagdagan sa kanilang suweldo sa palagiang oras ng trabaho, ang mga empleyado ay dapat mabayaran sa lampas na oras na kanilang itinarabaho sa halagang itinatalaga ng bansang pagawaan o, sa mga bansang walang ganitong batas, sa antas na humigit kumulang sa kanilang regular na bayad bawat oras.

* * *

Ang sinumang Kumpanyang nag-nanais na sundin ang Alituntunin sa Pamamalakad sa Lugar ng Trabaho ay dapat, kasama na rito ang pagtupad ng lahat ng naangkop na batas sa bansang pagawaan, ay susunod at susuportahan ang alituntuning ito na naaayon sa nakalakip na Panuntunan sa Pagsisiyasat, at dapat pairalin ang pinakamataas na pamantayan kung sakali mang magkaroon ng pagkakaiba o hindi pagkakaunawaan. Ang alin mang Kumpanya na nagnanais na sundin ang Alituntuning ito ay kinakailangan ding ipatupad sa kanyang mga kagawad, at mga kontratista, at sa kaso ng magtitinda, ang kanyang tagapagtustos, na ipatupad ang nauukol na batas at ang Alituntuning ito. Naaayon sa nakalakip sa Panuntunan ay ang pagsisiyasat na dapat pairalin ang pinakamataas na pamantayan kung sakali mang magkaroon kasong pagkakaiba o hind pagkakaunawaan.